**International Journal of Research Studies in Education**
2025 Volume 14 Number 2, 17-26




# Preserving the legacy: A thematic analysis of heirloom narratives from the Bangsamoro-Maguindanaon

Mangindra, Anesa P. ✉
*Sultan Kudarat State University - ACCESS Campus, Philippines (apmangindra@gmail.com)*

**Received**: 30 December 2024 **Revised**: 27 January 2025 **Accepted**: 15 February 2025
**Available Online**: 20 February 2025 **DOI**: 10.5861/ijrse.2025.25804

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

***Abstract***

This study focused on gathering narratives which are connected to the heirlooms of the Bangsamoro-Maguindanaon. Using ethnographical approach, the researcher gathered narratives from twelve informants who are native Maguindanaons and presently owning a heirloom from their ancestors. Then, Moustakas (1994) phenomenological approach was also applied in this study for the thematic analysis of the collected narratives. It was found out in the study that heirlooms are not merely material culture itself from the ancestors. Instead, these are full of essential stories which are proven in Bangsamoro history. Each heirloom contains a significant story about its use in the past and present, with cultural and historical implications. Therefore, heirlooms are clear reflection of the way of life of the Maguindanaon ancestors which is passed to the present generation. Based on the results and conclusion of the study, it is humbly recommended by the researcher to: 1) Develop an instructional material that contains pictures and narratives of the Maguindanaon heirlooms, 2) Conduct a training to the Maguindanaon heirloom keepers on proper taking care, protection and preservation of heirlooms, and 3) Conduct a deeper similar study which focuses on the heirlooms of other ethnic groups in Mindanao.

***Keywords:*** legacy, heirloom, narratives, Maguindanaon, thematic analysis

© The Author(s) / Attribution-NonCommercial-NoDerivs CC BY-NC-ND

# Preserving the legacy: A thematic analysis of heirloom narratives from the Bangsamoro-Maguindanaon

## 1. Panimula

Ang mga Maguindanaon ay kabilang sa labintatlong etnikong pangkat ng Moro sa ating bansa at sa pangkat na ito ay sila ang nangunguna sa dami ng populasyon, kasunod ang Maranao at Tausug na kaisa rin nila sa pananampalataya (Glang & Convocar, 1978). Ang salitang Maguindanaon bilang tawag sa tribo ay nabuo nang pagdugtungin ang dalawang katutubong salita, *maginged* at *danao*. Ang salitang *maginged* ay maaaring nangangahulugang, "ang mga nakatira" o "titira" at ang salitang *danao* naman ay salitang Maguindanaon na ang ibig sabihin ay 'lawa', 'ilog' o 'dagat' (Hufana, et. al, 2018; Alunan Glang mula kay Madale, 1982).

Mayaman ang kultura ng katutubong Maguindanaon materyal man di-materyal. Binigyang-diin nina Glang at Concovar (1978), na ang mga Maguindanaon ay katulad din ng mga Tausug at Maranao kung saan ang kanilang tahanan ay ginagayakan ng okir (*carving designs*). Mayroon din silang mga kagamitan at sandata gaya ng *sundang* (espada), *gulok* (kutsilyo), *panabas* (bolo), *dilek* (sibat), *badung* at *kris*. Pinatunayan din ito ni Lingga (2009), na ayon sa kaniya ay kilala ang mga Maguindanaon sa larangan ng pag-uukit. Ilan sa kanilang mga produkto ay ang *kalanda* (lalagyan ng keyk), *patakia* at *ungkop* (lalagyan ng iba't ibang bagay), *gadur* (lalagyan ng bigas), *batil* (ihian), *talam* (dulang), *talagadan* (meal server), *dudan* (duraan), at ang *ëmbamanan* (lalagyan ng mama). Sinabi nina Gowing et. al. (1974), na ang mga matatandang Maguindanaon ay laging nagngunguya ng apog, ikmo, at maskada kung saan ginagamit ang *ëmbamanan* at *dudan.* Ang paggamit ng *dudan* pagkatapos ngumuya ng mama ay nagpapahiwatig ng pagpapahalaga sa kalinisan ng mga ninunong Maguindanaon. Sa relihiyong Islam, ang taong malinis sa katawan, tahanan, kapaligiran at kapurihan ay tunay na kinalulugdan ng Allah. Ayon nga kina Ustadz Saidona Mawil at Ustadz Mohaliden Balayanan, "ang pagiging malinis ay bahagi ng pananampalataya sa Allah."

Dagdag pa, ayon kay Lingga (2009), mayroon ding mga instrumentong pangmusika ang mga Maguindanaon gaya ng *suling* (flute), at *këbing* (bamboo harmonical), *kutyapi* (guitar) at *kulintang* na may iba't ibang tunog. Sa mga espesyal na okasyon gaya ng kasalan, ilang araw pa bago maganap ang aktwal na kasalan ay sinisimulan nang itanghal ang *palabunibunian* (native orchestra) na binubuo ng apat na agong at iba pang instrumento. Walong *kulintang* (native gongs) na may iba't ibang tunog, isang malaking *agong,* apat na *gandingan*, isang *dëbakan* (drum) at isang *pamëndël* ang bumubuo sa orkestra. Ang malalaking agong ay pinapatunog ng kalalakihan samantalang ang mga maliliit na agong naman ang sa kababaihan.

Sang-ayon kay Abdullah (2020), itinuturing ang *kulintang ensemble* bilang pinakakulturadong anyo ng tradisyong musikal ng Maguindanaon. Kahit may iba't ibang etnikong pangkat ang nagpapatugtog ng kulintang, ang ilang mga orkestra gaya ng gandingan ay mas palasak na ginagamit sa kulturang Maguindanaon na malinaw na makikita sa kanilang katutubong sayaw na "silong sa ganding". Sa mga uri ng kulintang, galang ang siyang pinakamataas na uri. Kaya, ito ay talagang pinipreserba nila upang ipabatid sa kabataan ang *kulintang* bilang pinakamahalagang instrumentong musikal ng kanilang etnikong pangkat. Gawa ito sa walong mamahaling gintong tanso na may magkakaibang sukat at tunog.

Ang sinaunang kulturang materyal ng Maguindanaon ay tinatawag na '*pusaka*' na nangangahulugang 'antigo'. Maraming dalubhasa sa loob at labas ng ating bansa ang nagpahayag hinggil sa pagturing sa mga antigong kagamitan bilang tahanan ng buhay na mga espiritu na nagiging dahilan upang magtaglay ito ng kapangyarihan. Binanggit nina VanPool at Newsome (2012) sa kanilang pag-aaral na kadalasan ay binibigyan ng tao ng esensya ng buhay ang mga bagay-bagay pati na ang mga kasangkapan sa kanilang kapaligiran na humahantong sa pagiging aktibo ng mga ito. Dagdag pa nila, marami nang arkeologo ang nagsisimulang aralin kung paano nakaiimpluwensiya ang ganitong uri ng mga nilalang sa kaugalian ng mga tao. Kaugnay nito, sinabi

sa pag-aaral nina Moro, et. al (2008) at Harvey (2006) na kabilang sa pinakamahalagang reyalisasyon ay maraming ontolohiya na ang nag-uugnay ng buhay na espiritu sa mga artipakto o sinaunang materyal na bagay. Ang ugnayang ito ay sentro sa maraming relihiyon, kung hindi man sa lahat.

Karagdagan, sinabi ni Smith (2020), na ang mga mahahalagang sinaunang bagay ay inuukulan ng pagsamba dahil itinuturing ang mga ito na may kaakibat na enerhiya at buhay na espiritu mula sa mga ninuno o unang nagmamay-ari nito. Kaya masasabing, hindi lamang pisikal na bagay ang mga antigong kasangkapan kundi isang tagapag-ugnay sa mga ispiritwal na aspekto ng isang kultura. Isiniwalat din ni Brown (2017) na ang mga sinaunang kasangkapan sa Thailand kagaya ng mga alahas at mga kagamitan sa bahay ay itinuturing na sagradong pamana ng kanilang mga ninuno. Ang mga binanggit ay nagpapatotoo sa sinabi ni Furmidge (2017) na ang mga antigong kagamitan ay pangunahing halimbawa kung paano nagtataglay ng mga katangiang di-materyal ang mga materyal na bagay. Sa konteksto ng kulturang Pilipino, ang mga katutubong Maguindanaon ay naniniwalang may espiritung lumulukob o naninirahan sa mga antigong kagamitan. Pinangalanan nilang *tunung* ang espiritu na maaaring sumanib sa katawan ng tao. Katunayan, sinabi ni Disoma (Williams, 1997) na ang *tunung* ay karaniwan sa kulturang Maranao at Maguindanaon na nangangahulugang espiritu.

Sa Islam na siyang relihiyon ng Bangsamoro-Maguindanaon na ipinakilala ni Shariff Kabungsuwan noong ika-14 na siglo (Glang at Concovar 1978, Stewart 1981, Mastura 1984, Tanawan, et. al, 2003, Lingga 2009), ang espiritu ay kabilang sa mga nilikha ng Allah. Ayon sa dalawag pantas sa Islam na kinapanayam ng mananaliksik, sina Ustadz Saidona Mawil at Ustadz Mohaliden Balayanan, malinaw na sinabi ng Allah, "Wa ma khalaktul jinna wal insa, illa liya'buduwn", na nangangahulugang "Nilikha ko lamang ang sangkatauhan at ang jinn (mabuting espiritu) upang Ako ay sambahin." Subalit binigyang-diin ng dalawang ustadz na maituturing na *"shirk"* (pagtatambal sa Allah) ang paniniwala sa kapangyarihan ng mga espiritu bukod sa Allah. Kaugnay nito, mahigpit na ipinababawal ng Islam ang pag-ukol ng paniniwala sa mga espiritu sa pamamagitan ng ritwal ng panggagamot gamit ang antigong kagamitan.

Ngunit sa kabila ng pagyakap ng Maguindanaon sa mga katuruan ng relihiyong Islam, hindi pa rin ganap na tinalikuran ng marami sa kanila ang nakagisnang kulturang minana pa sa kanilang mga ninuno. May mga bahagi pa rin ng kanilang sinaunang kultura ang nanatili at patuloy nilang isinabuhay. Pinagtibay ito ni Alunan Glang (Madale, 1981) na ang pagdating ng Islam sa Maguindanao ay hindi tuluyang pumalit sa sinaunang paraan ng pamumuhay ng mga katutubo, bagkus nakadagdag lamang ito sa kanilang kinagisnang kultura. Karagdagan, napatunayan din sa pag-aaral nina Williams (1997) at Maceda (1984) na sa kabila ng pagyakap ng mga Maguindanaon sa Islam na kumikilala at naniniwala sa kaisahan ng Lumikha, karamihan sa kanila ay naniniwala pa rin sa mga di-nakikitang espiritu at nagsasagawa pa rin sila ng ritwal ng pangagagamot.

Isa sa mga ritwal ng panggagamot na patuloy pa ring isinasagawa ng maraming Bangsamoro – Maguindanaon hanggang sa ngayon ay ang Kabpagipat. Batay sa pag-aaral ni Traspe (2024), ang kabpagipat ay tradisyonal na panggagamot na nakabatay sa kultural na paniniwala ng mga Maguindanaon sa mga espiritu o elementong hindi nakikita. Inilahad ni Abdullah (2020) sa kaniyang pananaliksik na isinasagawa ang kabpagipat sa loob ng pitong araw at ito ay isang gawaing animistiko na nauugnay sa ritwal ng panggagamot. Pinamumunuan ito ng albularyong Maguindanaon na siyang tumatawag ng mabuting espiritu upang maisagawa ang sagayan (sayaw pandigma). Ang mga espiritu ay pinaniniwalaang sumasanib sa katawan ng tao na nagiging sanhi ng panginginig ng kaniyang katawan para sa pagsasagawa ng sagayan.

Sa pag-aaral na isinagawa ng Pew Research Center (2012) na nangalap ng datos sa mga bansa sa Timog Asya hinggil sa mga paniniwala at kaugalian ng mga Muslim, natuklasang pito sa sampung Muslim ay naniniwala pa rin sa pag-iral ng jinn (mabuting espiritu) na nagtataglay ng kapangyarihan. Napatunayan din sa isinagawang pag-aaral na karamihan sa mga Muslim sa Timog Asya ay komukonsulta sa mga tradisyonal na manggagamot o albularyo kapag may nagkakasakit na miyembro ng pamilya. Patunay ito ng patuloy na pagsasabuhay sa kinagisnang kultura sa kabila ng pananampalataya sa Islam. Ganito rin ang mga Muslim sa Pilipinas partkular ang Bangsamoro na kinabibilangan ng Maguindanaon. Katunayan, binanggit ni Gonsang

(2023) sa kaniyang pag-aaral na kaakibat pa rin ng pamumuhay ng mga Maguindanaon ang ilan sa sinaunang kaugalian sa kabila ng pagyakap nila sa Islam.

Maliban sa mga kuwento tungkol sa paniniwalang ispiritwal na bumabalot sa mga antigong kagamitan, nagisisilbi rin itong salamin ng nakalipas. Sa klasikong pananaw ng antropolohiya, sinabi nina Doughlas & Isherwood (1996) batay sa pagbanggit ni Dare (2018) na ang mga kulturang materyal ay nagsasaad ng kuwentong-buhay ng mga tao sa nagdaan at kasalukuyang panahon. Ang mga ito ay nagsasabi kung ano-ano ang angking talino, pagpapahalaga at estilo ng pamumuhay ng mga grupo ng táong nabuhay sa isang takdang lugar at panahon. Ayon nga kay Bautista (2020), ang antigong kagamitan ay hindi lamang mga sinaunang materyal na bagay kundi mga saksi sa kasaysayan at kultura ng mga tao. Ito'y nagsisilbing mga pangunahing batis na nagbibigay ng impormasyon hinggil sa pamumuhay, pananaw at tradisyon ng mga nakaraang henerasyon. Sinusugan ito ni Reyes (2023) na naniniwalang naitataguyod ang mas malalim na pagkaunawa sa konteksto ng kasaysayan ng isang lugar o rehiyon sa pamamagitan ng pag-aaral sa mga antigong kasangkapan

May mga naisagawa nang pag-aaral sa iba't ibang panig ng mundo hinggil sa implikasyong historikal ng mga antigong kagamitan. Sa Amerika, nagsagawa si Douma (2015) ng pag-aaral hinggil sa mga antigong kagamitan na makikita sa mga tindahan Batay sa pag-aaral, ang mga tindahang nagbebenta ng mga antigong kasangkapan ay mainam na hanguan sa pagsusulat na lokal na kasaysayan. Ikinakatwiran nito na ang mga sinaunang materyal na kasangkapan, mga gusali, mga lugar at mga kuwento ay mainam na tagapag-ugnay sa pagsisiwalat ng lokal na kasaysayan. Sa Britanya, nagsagawa rin si Furmidge (2017) ng pag-aaral tungkol sa mga sinaunang kagamitan na matatagpuan sa pamilihan ng mga antigo. Ayon dito, ang mga antigong kagamitan ay perpektong halimbawa ng nakalipas na nagpatuloy hanggang sa kasalukuyan sa anyo ng materyal na kultura. Ang naturang mga antigo ay may dalang kahulugan para sa mga tindero/a at sa mga mamimili kaya itinuturing itong kasiya-siya at mahalaga.

Sundang ang pangunahing katutubong armas ng mga Maguindanaon na sumisimbolo ng kanilang katapangang taglay. Ang nasabing armas ang nagsilbing tagapagtanggol at proteksiyon ng mga ninunong Maguindanaon laban sa mga kaaway ng Islam at sa mga mababangis na hayop sa kanilang kapaligiran. Likas na matapang at mahusay sa pakikidigma ang mga Maguindanaon (Madale 1981, Tanawan, et. al, 2003) na siyang sinisimbolo ng pulang tela na ibinabalot sa antigong sundang. Makikita sa hawakan ng sundang ang salitang 'Allah" na nasusulat sa wikang Arabik, ang simbolo ng pagkatuto ng sinaunang Maguindanaon sa nasabing wika (Gowing 1979, Isidro 1976, Kadil 2002) na bunga ng pagyakap nila sa Islam, ang relihiyong dala ni Shariff Kabungsuwan noong ika-14 na siglo (Glang at Concovar 1978, Stewart 1981, Mastura 1984, Tanawan, et. al, 2003, Lingga 2009). Kabilang din sa mga impluwensiyang Islamiko sa Bangsamoro – Maguindanaon ang pagkakaroon ng masjid bilang pook – dalanginan ng mga mananampalatayang Muslim tuwing *Jum'ah congregation prayer* (Sakili 2016, Kadil 2002). Ayon kina Ustadz Saidona Mawil at Ustadz Mohaliden Balayanan (mga pantas sa Islam), ang nagdedeliber ng sermon sa *Jum'ah congregation prayer* gaya ng *ustdaz* o *imam* ay gumagamit ng *tungkat* bilang tungkod habang nakatayo sa harap ng mga mananampalataya.

Bilang mananampalataya sa Islam, ang katapangan sa pakikipaglaban ng Maguindanaon na sinisimbolo ng mga antigong sandatang pandigma ay iniuukol lamang para sa pagtatanggol sa sarili bilang Muslim at sa relihiyong Islam. Ayon kina Ustadz Saidona Mawil at Ustadz Mohaliden Balayanan, malinaw na sinabi ng Allah, "At makipaglaban kayo para sa kapakanan ni Allah sa kanila na nakikipaglaban sa inyo, datapuwa't huwag ninyong labagin ang hangganan, sapagkat si Allah ay hindi nagmamahal sa mga nagmamalabis sa pagsuway (Qur'an 2:190). Karagdagan, sinabi ng Allah, "Sinumang pumatay ng isang tao, maliban sa pagpaslang ng taong walang pag-iimbot o kasamaan dito sa lupa, ito ay magiging tulad ng pagpatay sa buong sangkatauhan, at sinumang magligtas ng buhay ng isa, ito ay magiging tulad ng pagligtas sa buhay ng buong sangkatauhan (Qur'an 5:32). Patunay lamang na isang mabigat na kasalanan ang pagpatay ng nang hindi makatarungan. Kaugnay nito, binanggit ni Abdalati (2002) na hiindi layon ng Islam ang digmaan at hindi rin ito karaniwang gawain ng mga Muslim. Ito ay panghuling opsyon lamang at ginagawa lamang sa pinakamatinding sitwasyon kapag nabigo ang lahat ng naunang pamamaraan.

***Layunin -*** Pangkalahatang layunin ng pag-aaral na ito na masuri ang mga naratibong nasa likod ng mga pusaka o antigong kagamitan na kasalukuyang pinangangalagaan ng ilang Bangsamoro-Maguindanaon na nakatira sa mga piling pamayanang sakop ng Hilgang Cotabato, Sultan Kudarat at Maguindanao.

## 2. Pamamaraan

Ang pag-aaral na ito ay nilapatan ng kwalitatibong disenyo ng pananaliksik partikular ang dulog – etnograpikal at penomenolohikal. Ayon kina Arbasto, et. al (2022), ang etnograpikal na pag-aaral ay nakatuon sa pagsusuri ng kaugalian, paniniwala, pamumuhay at wika ng isang partikular na pangkat ng tao. Habang ang penomenolohikal ay isa sa pinakamabisang paraan ng pananaliksik na ginagamit upang tuklasin ang mga karanasan ng mga kalahok at alamin ang kalikasan ng kanilang mga pananaw (Moustakas, 1994). Sa pag-aaral na ito, tinuklas ng mananaliksik ang mga naratibong tinataglay ng nalikom na mga antigong kagamitan sa pamamagitan ng mga pananaw at karanasan ng labindalawang (12) mga tagapangalaga ng *pusaka* na nagmula sa mga piling pamayanang sakop ng Hilagang Cotabato, Sultan Kudarat at Maguindanao na kinapanayam ng mananaliskik.

Pinili ng mananaliksik ang mga kalahok o impormante ng isinagawang pag-aaral sa pamamagitan ng *purposive sampling*. Ayon kay Patoon (2002), ang *purposive sampling* ay angkop gamitin kapag ang mananaliksik ay naghahangad na makakuha ng mga kaalaman mula sa partikular na grupo na may tiyak na kaugnayan sa mga layunin ng pag-aaral. Suportado ito ng pahayag ni Palinkas, et. al (2015) na mainam gamitin ang *purposive sampling* sa pagpili ng mga kalahok na may tiyak na katangian na mahalaga sa layunin ng pag-aaral. Sa konteksto ng pag-aaral na ito, pinili lamang ng mananaliksik ang mga kalahok o impormanteng tagapangalaga ng mga antigong kagamitan.

Ang pag-aaral na ito ay nilapatan ng tematikong analisis o pagsusuri bilang paraan ng tritment sa nalikom na mga datos. Pinagsama-sama ang magkakaugnay na paksa at kaisipan upang mapalitaw ang mga natatanging tema. Ibinatay ang pag-uuri sa mga temang lumitaw sa mga kaisipang nais ipahiwatig. Sa hangarin ng mananaliksik na maging malinaw at mabisa ang pagtalakay at pagsusuri sa mga naratibong nasa likod ng nalikom na mga antigong kagamitan, gamit ang tematikong analisi, mahigpit na sinunod ang sumusunod na mga hakbang sa pagsasaayos at pagsusuri ng mga datos batay kay Moustakas (1994) na kinapapalooban ng mga sumusunod: 1) Pagpapakilala sa Datos; 2) Pagbuo ng mga Paunang Kodigo at Tema; 3) Paghahanap ng mga Tema; 4) Pagsusuri ng mga Tema; 5) Paglalarawan at Pagbibigay-Pangalan sa mga Tema; at 6) Pagbubuo ng Ulat.

## 3. Resulta at Pagtalakay

Inilalahad sa bahaging ito ang mga paksa at kaisipan na may kaugnayan sa mga naratibo ng antigong kagamitan ng Bangsamoro-Maguindanaon.

**Talahayanayan 1**
*Naratibo Hinggil sa Implikasyong Ispiritwal ng mga Antigo*

| Pangunahing Tema | Kaugnay na Tema | Tugon ng mga Impormante |
|---|---|---|
| Kapangyarihang taglay ng mga antigong kagamitan | Ginagamit sa panggagamot | "……mabisang gamitin Itong antigong sundang sa panggagamot sa babaeng nagdurugo nang labis."<br>"Ginagamit itong antigong *Ambël* sa panggagamot ng mga sinasaniban……."<br>" Naniniwala ako sa kapangyarihang taglay nitong mga antigong *ëmbamanan* (lalagyan ng mama) at bayuhan. Kung may nagkakasakit na kapamilya ay pinapaliguan at hinihimas-himas namin ito sa paraang ritwal……"<br>"……Kapag may nagkakasakit ng di-karaniwan sa aming pamilya gaya ng pagsanib ng kaluluwa ng aming mga ninuno ay nagagamit itong mga antigo sa panggagamot sa pamamagitan ng *pagipat*-ritwal….." |

| | | |
|---|---|---|
| | | "…….Kung may nais magpagamot ay pinauusukan at pinaliliguan ito sa paraang ritwal. Inihihilamos at ipinaiinom sa maysakit ang tubig na ipinanligo sa antigo." "Sa ngayon, ginagamit itong mga antigo sa paggamot sa mga hindi ordinaryong sakit ng kapamilya gaya ng sinasaniban at iba pa. Itong antigo ang nagsisilbing pangunang lunas sa mga maysakit. Kung ating titingnan o susuriin ang pagggamit ng antigo sa panggagamot at pagipat ritwal ay masasabing tunay na nagtataglay ng kapangyarihan ang antigo……" "Tunay na makapangyarihan ang antigong kagamitan. Hindi basta-basta maisasagawa ang pagipat ritwal kapag walang mga antigong kagamitan. Pinauusukan at pinaliliguan ito sa pagsasagawa ng ritwal sa tubig at panggagamot sa mga hindi ordinaryong sakit……" "Para sa akin, tunay na nagtataglay ng kapangyarihan ang antigong sundang na pinangangalagaan ko dahil nagagamit ito sa panggagamot sa di-pangkaraniwang sakit ng kapamilya. Nagagamit itong antigo sa panggagamot kapag may mga kapamilyang dinadapuan ng di-pangkaraniwang sakit, sinasaniban at iba pa…..." |
| | •Tinitirhan ng mga espiritu | "Nakagisnan ko ang pamilya ko sa paniniwala sa kapangyarihang taglay ng mga antigo gaya nitong kulintang, agong at gandingan dahil sa espiritung naninirahan dito……" "Dati, naniniwala ako sa mga espiritung nakatira sa mga antigong kagamitan na kayang magpagaling ng sakit…." "Ang mga antigong kagamitan ay tahanan ng mga espiritung hindi natin nakikita. Ang mga espiritung ito ay kayang magpagaling ng mga hindi ordinaryong sakit….." |

**Unang Tema**: Kapangyarihang Taglay ng mga Antigong Kagamitan

Bahagi ng kulturang Maguindanaon ang paniniwala sa kapangyarihang taglay ng mga antigong kagamitan. Pito sa mga impormante ang nagsabing ginagamit sa panggagamot ang mga antigong kagamitan dahil sa taglay nitong kapangyarihan. Para naman sa dalawang impormante, nagsisilbing tirahan ng mga espiritu ang mga antigong kagamitan. Samakatuwid, ang mga espiritung ito ang nagbibigay-kapangyarihan sa mga antigong kagamitan para magpagaling ng mga hindi pangkaraniwang sakit sa pamamagitan ng ritwal ng panggagamot.

Napatunayan sa pag-aaral nina Williams (1997) at Maceda (1984) na sa kabila ng pagyakap ng mga Maguindanaon sa Islam na kumikilala at naniniwala sa kaisahan ng Lumikha, karamihan sa kanila ay naniniwala pa rin sa mga di-nakikitang espiritu at nagsasagawa pa rin sila ng ritwal ng pangagagamot. Isa sa mga ritwal ng panggagamot na patuloy pa ring isinasagawa ng maraming Bangsamoro – Maguindanaon hanggang sa ngayon ay ang *pagipat.* Batay sa pag-aaral ni Traspe (2024), ang *pagipat* ay tradisyonal na panggagamot na nakabatay sa kultural na paniniwala ng mga Maguindanaon sa mga espiritu o elementong hindi nakikita. Inilahad ni Abdullah (2020) sa kaniyang pananaliksik na isinasagawa ang *pagipat* sa loob ng pitong araw at ito ay isang gawaing animistiko na nauugnay sa ritwal ng panggagamot.

Sa pag-aaral na isinagawa ng Pew Research Center (2012), natuklasang pito sa sampung Muslim ay naniniwala pa rin sa pag-iral ng *jinn* (mabuting espiritu) na nagtataglay ng kapangyarihan. Napatunayan din sa isinagawang pag-aaral na karamihan sa mga Muslim sa Timog Asya ay komukonsulta sa mga tradisyonal na manggagamot o albularyo kapag may nagkakasakit na miyembro ng pamilya. Patunay ito ng patuloy na pagsasabuhay sa kinagisnang kultura sa kabila ng pananampalataya sa Islam. Ganito rin ang mga Muslim sa Pilipinas partikular ang Bangsamoro na kinabibilangan ng Maguindanaon. Katunayan, binanggit ni Gonsang (2023) sa kaniyang pag-aaral na kaakibat pa rin ng pamumuhay ng mga Maguindanaon ang ilan sa sinaunang kaugalian sa kabila ng pagyakap nila sa Islam.

**Talahanayan 2**

*Naratibo Hinggil sa Implikasyong Historikal ng mga Antigo*

| Pangunahing Tema | Kaugnay na Tema | Tugon ng mga Impormante |
|---|---|---|
| Implikasyong historikal ng mga antigong kagamitan | • Ginamit sa pakikipaglaban o digmaan. | "Dahil ang antigong sundang na ito ay nagamit ng ating mga ninuno sa pakikipagdigma noong unang panahon. Sapagkat mandirigma ang ating mga ninuno kung inuunahan sila……." "……Ang mga antigong ito, gaya ng sibat na pinangalanang Kalagan at anak nito na isang sundang na pinangalanang Datu sa Buluan ay nagtanggol sa ating mga ninuno sa panahon ng digmaan noong unang panahon laban sa kaaway ng Islam." "….Itong mga antigong sundang at gulok at sa iba naman ay sibat ay palatandaan ng pagiging matapang at laging handa bilang Moro at Muslim noong panahong hindi pa uso ang baril. Nagpapahiwatig ito ng pakikisangkot sa digmaan ng ating mga ninuno. Dahil tunay na matapang ang ating mga ninuno lalo na kung sila ay inuunahan. Nagmamama sila upang manatili ang kanilang lakas habang sila ay nakikipaglaban sa mga kaaway ng Islam sa panahon ni Magellan." "……Ang mga antigong ito, gaya ng sibat na pinangalanang Kalagan at anak nito na isang sundang na pinangalanang Datu sa Buluan ay ito ang nagtanggol sa ating mga ninuno sa panahon ng digmaan noong unang panahon laban sa kaaway ng Islam." "….Itong mga antigong sundang at gulok at sa iba naman ay dilĕk (sibat) ay palatandaan ng pagiging matapang at laging handa bilang Moro at Muslim noong panahong hindi pa uso ang baril. Nagpapahiwatig ito ng pakikisangkot sa digmaan ng ating mga ninuno. Dahil tunay na matapang ang ating mga ninuno lalo na kung sila ay inuunahan. Nagmamama sila upang manatili ang kanilang lakas habang sila ay nakikipaglaban sa mga kaaway ng Islam sa panahon ni Magellan." "…Dahil noong unang panahon ay pinaghahandaan na ng ating mga ninuno ang kanilang mga sarili. Maliban sa mga taong kumakalaban sa kanila ay pinaghahandaan din nila ang mababangis na hayop. Pinoproteksiyonan nila ang kanilang mga sarili. Ang antigong armas gaya nitong Samurai ay malaking palatandaan ng pakikisangkot sa digmaan ng ating mga ninuno." "….Itong antigong sibat na binalot ng pulang tela at iba pang katutubong sandata ay nagsilbing proteksiyon ng ating mga ninuno laban sa mga taong mapanganib, lalo na yaong nais pumatay sa kanila. Noong panahon ni Magellan ay malaking proteksiyon ng ating mga ninuno ang antigong sibat na ito. Ito at iba pang sandata gaya ng sundang ang nakatulong sa ating mga ninuno sapagkat wala pang baril noon. Ito ang ginamit nilang sandata bilang pagtatanggol sa kanilang sarili at sa relihiyong Islam noong panahon ng pananakop ni Magellan." "Ang antigong sundang na ito ay labis na mahalaga sa ating mga ninuno sapagkat ginamit nila ito bilang proteksiyon o pagtatanggol sa kanilang sarili laban sa mga taong nais pumaslang sa kanila at nais sumira sa relihiyong Islam." |
| | • Ginagamit bilang proteksyon at pagtatanggol sa sarili at sa relihiyon | "Opo. Dahil noong unang panahon ay pinaghahandaan na ng ating mga ninuno ang kanilang mga sarili. Maliban sa mga taong kumakalaban sa kanila ay pinaghahandaan din nila ang mababangis na hayop. Pinoproteksiyonan nila ang kanilang mga sarili……" "Oo naman. Itong antigong *dilĕk* (sibat) na binalot ng pulang tela at iba pang katutubong sandata ay nagsilbing proteksiyon ng ating mga ninuno laban sa mga taong mapanganib, lalo na yaong nais pumatay sa kanila. Noong panahon ni Magellan ay malaking proteksiyon ng ating mga ninuno ang antigong dilĕk na ito. Ito at iba pang sandata gaya ng sundang ang nakatulong sa ating mga ninuno sapagkat wala pang baril noon. Ito ang ginamit nilang sandata bilang pagtatanggol sa kanilang sarili at sa relihiyong Islam noong panahon ng pananakop ni Magellan…." |

| | | |
|---|---|---|
| | | "Opo, naniniwala ako. Ang antigong sundang na ito ay labis na mahalaga sa ating mga ninuno sapagkat ginamit nila ito bilang proteksiyon o pagtatanggol sa kanilang sarili laban sa mga taong nais pumaslang sa kanila at nais sumira sa relihiyong Islam……" |
| | • Sumisimbolo ng katapangan | "Itong mga antigong sundang at gulok at sa iba naman ay *dilëk* (sibat) ay palatandaan ng pagiging matapang at laging handa bilang Moro at Muslim noong panahong hindi pa uso ang baril…"<br>"Matapang ang ating mga ninuno lalo na kung sila ay inuunahan. Pumapatay sila bilang pagtatanggol sa kanilang sarili at sa relihiyong Islam…."<br>"Itong pulang tela na ibinalot sa hawakan ng sundang ay nagpapahiwatig ng katapangan ng ating mga ninuno. Lumalabas ang katapangan nila bilang pagtatanggol sa sarili kapag sila ay hinahamon o inuunahan…." |
| | • Nagpapakita ng pagyakap ng mga ninuno sa relihiyong Islam | "Ang *masjid pusaka* na ito sa Brgy. Libutan ay nagpapakita ng pagyakap ng ating mga ninuno sa relihiyong Islam na dinala ni Sharif Kabungsuwan sa Maguindanao noong unang panahon. Dahil si Sharif Kabungsuwan ang nagpalaganap ng Islam sa mga lugar ng ating mga ninuno. Itong *masjid pusaka* ang katibayan ng pagdating ng Islam sa ating lugar….."<br>"Itong antigong *tungkat* naman ay ginagamit bilang tungkod ng *ulama* o *ustadz* sa pag-khutba (pagsermon) habang siya ay nakatayo sa *mimbal* ng *masjid* sa harap ng mga mananampalataya tuwing tanghaling tapat sa araw ng Biyernes. Kabilang ito sa patunay ito ng pagyakap sa Islam ng ating mga ninuno." |
| | •Sumasalamin ng kalinisan | "Itong *dudan* ay sumasalamin sa pagiging malinis ng ating mga ninuno, hindi sila dumudura kung saan-saan lamang. Sinumang nagmama ay dito dumudura sa duraan. Dahil naniniwala sila na ang pagiging malinis ay bahagi ng pananampalataya sa Allah."<br>"Dito nasasalamin sa mga antigong pinangangalagaan ko gaya ng *ëmbamanan* at *dudan* ang pagkahilig ng ating mga ninuno sa pagmama. Dito dumudura sa *dudan* pagkatapos magmama upang maisaalang-alang ang kalinisan….." |

**Pangunahing Tema**: Implikasyong Historikal ng mga Antigong Kagamitan

Bilang isang pangkat-etniko na napapabilang sa Bangsamoro, kilala ang mga Maguindanaon sa larangan ng pag-uukit. Kabilang sa mga inuukit nila ay mga kagamitang pandigma na sumisimbolo sa taglay nilang katapangan. Inilahad nina Glang at Concovar (1978) ang ilan sa mga sandata ng Maguindanaon gaya ng *sundang* (espada), *gulok* (kutsilyo), panabas (bolo), *dilek* (sibat*), badung* at *kris*. Walo sa mga impormante ang nagsalaysay ng gamit ng mga antigong sandata gaya ng sundang, sibat at gulok sa digmaan o pakikipaglaban habang tatlo naman ang nagsabing ginagamit ang mga ito bilang proteksyon at pagtatanggol sa sarili at sa relihiyong Islam. Tatlong impormante naman ang nagsabing sumisimbolo ito sa katapangan ng mga Maguindanaon. Ayon kina Madale (1981) at Tanawan, et.al (2003), likas na matapang at mahusay sa pakikidigma ang mga Maguindanaon.

Bilang mananampalataya sa Islam, ang katapangan sa pakikipaglaban ng Maguindanaon na sinisimbolo ng mga antigong sandatang pandigma ay iniuukol lamang para sa pagtatanggol sa sarili bilang Muslim at sa relihiyong Islam. Malinaw na sinabi ng Allah, "Sinumang pumatay ng isang tao, maliban sa pagpaslang ng taong walang pag-iimbot o kasamaan dito sa lupa, ito ay magiging tulad ng pagpatay sa buong sangkatauhan, at sinumang magligtas ng buhay ng isa, ito ay magiging tulad ng pagligtas sa buhay ng buong sangkatauhan (Qur'an 5:32). Kaugnay nito, binanggit ni Abdalati (2002) na hiindi layon ng Islam ang digmaan at hindi rin ito karaniwang gawain ng mga Muslim. Ito ay panghuling opsyon lamang at ginagawa lamang sa pinakamatinding sitwasyon kapag nabigo ang lahat ng naunang pamamaraan.

Dalawa sa mga impormante ang nagsalaysay na ang *masjid pusaka* at ang *tungkat* ay nagpapakita ng

pagyakap ng mga ninunong Maguindanaon sa relihiyong Islam. Sa Brgy. Libutan, Mamasapano, Maguindanao del Sur ay nakatirik ang isang pook-dalanginan na binansagang *masjid pusaka* (antigong *masjid*) na ipinatayo sa panahon pa ni Shariff Kabungsuwan, ang nagpakilala ng relihiyong Islam sa mga ninunong Maguindanaon. Kaya, itinuturing itong pangunahing simbolo ng pagyakap sa Islam ng mga ninunong Maguindanaon.

Ang pagdarasal tuwing tanghaling-tapat sa araw ng Biyernes sa loob ng *masjid* ay isang obligadong dasal sa mga mananampalatayang Muslim lalo na sa kalalakihan. Sa dasal na ito, may isang *ustadz* o *ulama* na nakatayo sa *mimbal* ng *masjid* na nakahawak sa isang tungkod na kung tawagin ay *tungkat* sa wikang Maguindanaon. Batay sa kasaysayan, kabilang sa mga impluwensiyang Islamiko sa Bangsamoro – Maguindanaon ang pagkakaroon ng *masjid* bilang pook – dalanginan tuwing *Jum'ah congregation prayer* (Sakili 2016, Kadil 2002). Ayon kina Ustadz Saidona Mawil at Ustadz Mohaliden Balayanan, ang nagdedeliber ng sermon sa *Jum'ah congregation prayer* gaya ng *ustadz* o *imam* ay gumagamit ng *tungkat* bilang tungkod habang nakatayo sa harap ng mga mananampalataya.

Samantala, may mga antigong kasangkapang pantahanan ang mga Maguindanaon na kinabibilangan *ng ëmbamanan* (lalagyan ng mama) at *dudan* (duraan). Dalawa sa mga impormante ang nagsabing simbolo ng kalinisan ang pagmama at paggamit ng *dudan*. Ayon kina Gowing et. al. (1974), ang mga matatandang Maguindanaon ay laging nagngunguya ng apog, ikmo, at maskada kung saan ginagamit ang *ëmbamanan* at *dudan*. Kaugnay ng konsepto ng kalinisan, ito ay impluwensiya pa rin ng relihiyong Islam sa mga ninunong Maguindanaon na namana ng kasalukuyang henerasyon. Ayon nga kina Ustadz Saidona Mawil at Ustadz Mohaliden Balayanan, "ang pagiging malinis ay bahagi ng pananampalataya sa Allah."

## 4. Konklusyon

Ang mga antigong kagamitan ng Bangsamoro-Maguindanaon ay hindi lamang basta kulturang materyal na minana sa kanilang mga ninuno. Bangkus, ang mga ito ay punong-puno ng mga kuwentong may kuwenta na napatunayan sa ating kasaysayan. Bawat antigong kagamitan ay nagtataglay ng mga naratibo hinggil sa paniniwalang ispiritwal at pamanang historikal. Samakatuwid, ang mga ito ay malinaw na salamin ng paraan ng pamumuhay ng mga ninunong Maguindanaon na naipamana sa kasalukuyang henerasyon.

***Rekomendasyon -*** Batay sa naging resulta at konklusyon ng pag-aaral, inirerekomenda ng mananaliksik ang mga sumusunod: 1) Hinihikayat ang paggawa ng *booklet* o *pamphlet* na naglalaman ng larawan at naratibo ng mga antigong kagamitan ng Maguindanaon, 2) Maaaring magsagawa ng programang pampagsasanay sa mga Maguindanaon hinggil sa wastong pangangalaga, konserbasyon at preserbasyon ng mga antigong kagamitan, at 3) Hinihimok ang susunod na mga mananaliksik na magsagawa ng kaparehong pag-aaral na nakatuon sa iba pang etnikong pangkat sa Mindanao.

## 5. References


Abdalati, H. (2002). *Islam in focus. Qatar*: Department of Islamic Affairs, Ministry of Awqaf and Islamic Affairs.

Abdullah, S. N. (2020). History, development and influence of kulintang music to the cultural heritage (adat-betad) of Maguindanaon. *Education Research Journal.* ISSN. Volume (10) Issue (3): 58 – 83. https://www.resjournals.com/education-research-journals/

Ang Maluwalhating Qur'an (Ang kahulugan at pagpapaliwanag). Isinalin sa Filipino ni Abdullatif Eduardo M. Arceo. Riyadh, Saudi Arabia: Darussalam.

Arbasto, M., Ariaso, R., Badie, J., Delos Arcos, D., Eliaga, C., Mangindra, A., Masula, S., Reyes, A. Sescon, M., at Truya R. (2021). *Introduksiyon sa Pananaliksik sa Wika at Panitikan*. Manila: Mindshapers Corporation, Inc.

Bautista, J. (2020). *Ang antigong kagamitan: Isang pagsusuri ng kultura*. Manila: UP Press

Dare, E. M. (2018). Kagamitang Pangkusina at Pangkomedor Bilang Kulturang Materyal at Sisidlan ng

Kaalamang Lokal. *Daluyan Journal: UP Sentro ng Wikang Filipino*, Volume 17, Bilang 1-2.
Douma, M. J. (2015) Sorting the Past: The Social Function of Antique Stores as Centers for the Production of Local History, *International Journal of Regional and Local History*, 10:2, 101-119, DOI:10.1080/20514530.2015.1101292
Furmidge, N. (2017*). Examining the immaterial within the material: a study of vintage items and antiques*. Ethnographic Encounters, 8(1).
Gonsang, S. (2023). Pagtatagpo ng Kasaysayan at Panitikan sa mga Tudtulan ng mga Sinaunang Maguindanaon. *TALA: An Online Journal of History*, 6(1).
Glang, A. *The Maguindanaon and Islam*. Mula sa aklat ni Nagasura T. Madale (1981). The Muslim Filipinos (A book of readings). Manila: Alemar-Phoenix Publishing House, Inc.
Glang, S. at Concovar, M. (1978). *Maguindanaon*. Quezon City: UP-Diliman Press.
Gowing, P. (1988). *Understanding Islam and Muslims in the Philippines*. Quezon City: New Day Publisher.
Gowing, P. (1979). Muslim-Filipinos' heritage and horizon. Quezon City: New Day Publisher.
Harvey, G. (2006). Animism: Respecting the Living World. Columbia University Press, New York.
Hufana, N. et. al. (2018). *Wika at Kultura sa Mapayapang Lipunan*. Malabon City: Mutya Publishing House.
Isidro, A (1976). The Muslim Filipinos and Islam. *Mindanao Journal*, Vol. III, No. 2. Marawi City: University Research Center.
Kadil, B. (2002). *History of the Moro and Indigenous peoples in Minsupala*. Marawi City: Office of the VP for Research and Extension.
Lingga, A. (2009). *Magindanaun of Pulangi*. Manila: National Commission for Culture and the Arts.
Maceda, J. (1984). *A cure of the sick "bpagipat" in Dulawan, Cotabato (Philippines).* Acta Musicologica 56 (1): 92–105. https://doi.org/10.2307/932618
Madale, N. (1981). *The Muslim Filipinos* (A book of readings). Manila: Alemar-Phoenix Publishing House, Inc.
Mastura, M. (1984). *Muslim-Filipino experience: A collection of essays*. Quezon City: PDM Press.
Moro, C. (2015). Material culture: Still 'terra incognita' for psychology today? *Europe's Journal of Psychology*, 11(2), 172.
Moustakas, C. (1994). *Phenomenological research methods*. SAGE Publications. Retrieved from https://us.sagepub.com/en-us/nam/phenomenological-research-methods/book24547
Pew Research Center (2012). The world's Muslims: Unity and diversity. https://www.pewresearch.org/religion/2012/08/09/the-worlds-muslims-unity-and-diversityexecutive-summary/ (accessed 25 October 2024).
Reyes, K. (2023). Pagbabalik sa nakaraan: Kasaysayan ng mga kagamitan ng Pilipino. Cebu: University of San Carlos Publishing
Sakili, A. (2016). *A collection of essays on Southeast Asian and Philippine Muslim discourse on history, culture and globalization*. Quezon City: UP Press
Stewart, J. (1981). History and culture of the Maguindanaon. *Dansalan Quarterly Journal*, Vol. II, No. 2. Marawi City: Dansalan College.
Tanawan, D., Recorba, F., Lartec, J., at Nacin, A. (2003). *Pagbasa at pagsulat sa iba't ibang disiplina*. Meycauayan, Bulacan: Trinitas, Publishing, Inc.
Traspe, A. C. (2024). Defining pag-ipat: a multimodal semiotic analysis of Maguindanaon's healing ritual. *International Journal of Asia-Pacific Studies*, 20(1).
Williams, M. S. (1997). Causality, power, and cultural traits of the Maguindanao. *Philippine Sociological Review*, 45(1/4), 34-63.
VanPool, C. S., & Newsome, E. (2012). The spirit in the material: A case study of animism in the American Southwest. *American Antiquity Journal*, 77(2), 243-262.